Pagsasaalang-alang ng Pag-aampon

Ano ang Pag-aampon?

- Kailangan ng mga bata ng isang matatag na tahanan na may mag-aalaga sa kanila. Kailangan nila ang mga magulang na magkakaloob sa kanila ng isang kapaligirang magmamahal at mag-aaruga. Layunin ng serbisyong pagpapa-ampon na makakita ng mga permanente at naaangkop na tahanan para sa mga bata na ang mga magulang ay walang kakayahang mag-alaga sa kanila o hindi nila gustong alagaan ang kanilang mga anak.
- Ang pag-aampon ay isang panghabang-buhay na paninindigan para sa bawat mag-aampon. Ang pinakamagagandang interes ng mga bata ang unang-una naming isinasaalang-alang.

Sinu-sino ang mga bata na karapat-dapat na ampunin?

- Ang isang bata na maaaring ampunin sa isang kautusang pag-ampon sa ilalim ng Ordinansa sa Pag-aampon* ay isang bata na wala pang 18 taong gulang at hindi pa ikinakasal.
- Sa nakagawian, ang mga bata na maaaring kailanganing ampunin ay iyong mga hindi maaaring manatili sa mga pamilya kung saan sila isinilang sa ilalim ng iba't ibang mga kaganapan tulad ng kung sila ay inabandona o iyong tinalikuran na ng mga magulang ang mga karapatan nila sa mga bata. Maaaring may kumplikadong kasaysayan ang pamilya ng mga batang ito. Mayroon silang katulad na pangangailangan para sa kasiyahan sa buhay-pamilya at lumaki sa isang kapaligirang matatag at kung saan may mga nagmamahal sa kanila.
- Para sa impormasyon tungkol sa mga bata na maaaring ampunin, mangyaring bisitahin ang website ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan(*Social Welfare Department*) sa www.swd.gov.hk/en/index/site_pubsvc/page_family/sub_listofserv/id_adoptionse/.

Ano ang dapat isaalang-alang bago magpatala upang makapag-ampon?

Ang pag-aampon ay isang panghabang-buhay na paninindigan na nagbibigay sa mga magulang na nag-aampon ng kasiyahan na palakihin ang kanilang mga pamilya at makapagpalaki ng mga bata na nangangailangan ng isang tahanang mangangalaga sa kanila. Naririto ang ilang mga puntos na dapat isaalang-alang bago ituloy ang pag-aampon:

- Kayo ba ay umabot na sa edad na 25 at, kung kayo ay kasal, umabot na ba sa edad na 21 ang inyong asawa ayon sa iniaatas ng Ordinansa sa Pag-aampon? Matatag ba ang pagsasamahan ninyong mag-asawa (kasal na kayo nang hindi na bababa pa sa tatlong taon)?
- Handa na ba kayong pumasok sa isang panghabang-buhay na paninindigan na mag-ampon at magpalaki ng isang bata?
- Kayo ba ay may maayos na kalusugang pisikal at mental upang makapag-alaga ng isang bata hanggang sa ang bata ay maging independiyente na?
- Mayroon ba kayong makatuwirang edukasyon, mas maganda kung nakapagkumpleto na kayo ng sekundaryang edukasyon, upang makapagbigay kayo ng patnubay at suporta sa isang bata sa iba't ibang mahahalagang panahon sa kanyang paglaki?
- Mayroon ba kayong matatag na trabaho kung saan may sapat na kinikita at may kakayahan ba kayo na makapagbigay ng isang matatag na matitirahan sa isang bata?
- Tumira na ba kayo sa Hong Kong sa loob nang 12 buwan o higit pa upang masabing pamilyar na kayo sa kapaligirang panlipunan at sa mga mapagkukunan sa komunidad, at kakayanin ba ninyo na manatili sa loob nang isang tuloy-tuloy na panahon na 12 buwan o higit pa upang makumpleto ang proseso ng pag-aampon?

Sino ang mag-aasikaso ng pagpapa-ampon at magsasaayos upang ang isang bata ay maipa-ampon

- Ayon sa Ordinansa sa Pag-aampon, tanging ang (a) Direktor ng Kapakanang Panlipunan(*Director of Social Welfare*) lamang; (b) isang akreditadong entidad na nabigyang-karapatang kumilos sa ilalim ng at alinsunod sa akreditasyon nito; o (c) isang tao na kumikilos upang tuparin ang isang utos ng Hukuman, ang maaaring magsaayos ng mga aplikasyon para sa pagpapa-ampon kung saan walang kaugnayan ang umaampon at ang inaampon at asikasuhin ang pagpapa-ampon sa isang bata.
- Walang tao na bukod pa sa doon sa mga binanggit sa itaas ang maaaring mag-asikaso ng para sa

pagpapa-ampon sa isang bata o ilagay ang isang bata sa ampunan ng tao (mga tao) na wala namang kaugnayan sa bata. Ang isang tao na kokontra sa mahahalagang mga probisyon ay magkakasala ng isang opensa at mananagot sa pamamagitan ng pagmumulta at pagkabilanggo.

Anu-ano ang mga pamamaraan upang maisagawa ang isang aplikasyon para sa pag-aampon?

1. Kailangang makipag-ugnayan ang mga aplikante sa Yunit para sa Pag-aampon (*Adoption Unit*) ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan(*Social Welfare Department*) para sa rehistrasyon upang makadalo sa isang sesyon kung saan magkakaroon ng maikling talakayan tungkol sa pag-aampon.
2. Kailangang sumailalim ang mga aplikante sa isang masusing pag-aaral ng kanilang tahanan upang matasa ang kanilang kaangkupan na maging mga magulang na makakapag-ampon. Ang naturang pagtatasa ay sumasakop sa isang malawak na ispektrum ng mga larangan kabilang ang personalidad ng mga aplikante, ang kanilang mga interes, mga maaaga nilang karanasan sa buhay, abilidad na kayanin ang mga bagay-bagay, katatagan ng kasal, pag-uugali bilang magulang at mga kapasidad, anong nagtulak upang sila ay mag-ampon, kakayahang matugunan ang mga pangangailangan ng mga batang aampunin sa kanilang paglaki o pag-unlad.
3. Kailangang dumalo ang mga aplikante sa dalawang pagsasanay kaugnay ng pag-aampon at sumailalim sa isang eksaminasyong medikal at sa isang ipinag-uutos na pagsusuri kung may kriminal na rekord bago makumpleto ang pag-aaral ng tahanan.
4. Maaaring kailanganin na ang mga aplikante ay maging matiyaga sa paghihintay para sa isang imumungkahing pagkakatugma
5. Kailangang sumailalim ang mga aplikante sa isang legal na paglilitis alinsunod sa Ordinansa sa Pag-aampon. Susuriin ng Hukuman ang bawat aplikasyon upang matiyak na ang pagpapa-ampon ay nasa pinakamagandang interes ng bata bago pa man maigawad ang Utos na Makapag-ampon (*Adoption Order*).

Ang Sisingiling Bayarin

- Ang pag-aaral ng tahanan na isasagawa ng Yunit para sa Pagpapa-ampon (*Adoption Unit*) ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan(*Social Welfare Department*) ay walang bayad.
- Para sa mga kaso kung saan ang Direktor ng Kapakanang Panlipunan(*Director of Social Welfare*) ay magtatalaga ng tagapagbantay sa pamamagitan ng isang abogado sa isang hukuman (*guardian ad litem*) para sa bata na aampunin pa lamang sa aplikasyon ng pagpapa-ampon, maniningil ng halagang HK$4,440** para sa bawat bata.

Paglabas sa Serbisyo

Lalabas na ang mga aplikante sa serbisyong pag-ampon kapag sila ay:

- nakapagkumpleto na ng lahat ng mga iniaatas na pamamaraan kaugnay ng pag-aampon kabilang ang paggagawad ng isang utos upang makapag-ampon at hindi na mangangailangan pa ng iba pang mga serybisyo mula sa Yunit para sa Pagpapa-ampon (*Adoption Unit*), o
- nagdesisyong tapusin na ang mga pamamaraan kaugnay ng pag-ampon, o
- nakitang hindi karapat-dapat na mag-ampon.

Kung interesado kayo na mag-ampon ng mga bata, mangyaring makipag-ugnayan sa Yunit para sa Pagpapa-ampon (*Adoption Unit*) ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan(*Social Welfare Department*) sa:

Telepono	:	3595 1935
Fax	:	3595 0025
Email	:	auenq@swd.gov.hk
Sa Koreo	:	Adoption Unit, Social Welfare Department, Room 201, 2/F., North Point Government Offices, 333 Java Road, North Point, Hong Kong

* Ang isang pag-ampon sa HKSAR ay kailangang maisagaawa alinsunod sa Utos para sa Pag-aampon (Adoption Ordinance), Cap 290.
** Ang bayad ay sasailalim sa regular na rebisyon.